

1

“I guess this is goodbye, Saffy,” mababa ang tonong sabi ni Phillip na hindi makatingin sa kanyang mukha. Mahigit kalahating oras lamang ang nakakaraan ay masayang humalik dito ang dalaga nang dumating sa coffee shop na madalas nilang tagpuan.

“Yeah,” mahina ring tugon ni Saffy na tila may bikig sa lalamunan. “Good luck sa inyong dalawa.”

Alam niyang hinihintay nito na siya ay tumindig, subalit hindi niya tinangka kaya sinenyasan na lang niyang mauna na itong lumabas. Tinanganan niya ang tangkay ng puswelo ng kape at mahinhing humigop hanggang sa makita niya sa gilid ng kanyang mga mata na nakalabas na ito ng coffee shop. Sumenyas siya sa waiter upang lumapit.

“One medium café latté to go.”

Nang nakasakay na siya sa FX taxi pauwi ay inunti-unti niya ang pag-inom sa kape at hindi naiwasan ang magmuni-muni.

Where did we go wrong? Wala naman kaming naging problema... We were a lovely couple. Sa likod ng kanyang isipan, alam niyang siya ay nasa denial stage.

Sa loob ng kalahating oras na sila ay nag-usap ni Phillip ay ipinagtapat nitong ito ay nakabuntis ng isang babae. Nagkakilala

ang mga ito sa isang party at naatasan ito na maghatid sa babaeng iyon na medyo masama ang pakiramdam. Ang pagmamagandang-loob ay napunta sa loob ng silid.

Na napunta sa kung ano, malungkot niyang saad sa sarili saka bumuntong-hininga. Kinapa niya ang kanyang cellphone upang tawagan ang isang kaibigan subalit naka-off ang telepono nito. Paano ako kakanta sa kasal na iyon kung ganitong wala akong mukhang ihaharap sa tao?

Pagbaba ng FX taxi ay sumakay siya ng tricycle at sa harap ng kanilang bahay ay hayun at nag-return call si Carla Gallego na isang wedding planner. Derecha ito sa usapan na tinanong kaagad kung bakit siya napatawag.

“...Kailan itong wedding na ito?” tanong niya. “Baka hindi ako makarating...Gagamitin ni Daddy ang kotse...Okay, you will arrange for someone to give me a lift...Okay, Carla, I’ll try. Goodbye.”

Hindi niya ito nahindian; ang mga dapat sanang idadahilan niya ay nalusaw sa kanyang bibig.

Walang tao sa sala nang pumasok siya ng bahay. Inihagis lang niya ang kanyang handbag sa sofa. Una niyang pinansin ang baby grand piano na nasa isang elevated platform, subalit minabuti muna niyang lumabas ng verandah upang tanawin ang view. Direkta niyang natatanaw ang Ortigas Center kung saan wala pang dalawang oras ang nakakaraan ay naroon siya at bine-

break ni Phillip. Minabuti na lang niyang pumasok upang maupo sa harapan ng piano at nagsimulang tumipa. Iyon ang kakantahin niya sa kasal sa darating na Biyernes.

Noon din ay nagsimulang tumulo ang kanyang luha. *Tatlong taong relasyon na nasayang...Nakakaiyak naman ang wedding song na ito!*

Dagli niyang pinahid ang kanyang luha sa takot na baka biglang lumabas ang kanyang mga kapatid at siya ay kulitin.

Halos isang block ang layo ng napagparadahan ni Shadrach mula sa simbahan ng *Ellinwood Malate Church* kung saan alam niyang kanina pa nagsimula ang seremonya ng kasal ng isang malapit na kaibigan. Nang maaga pa ay atubili siyang pupunta dahil masama ang panahon. Balita sa buong bansa ang malakas na bagyong dadaan sa Kamaynilaan; subalit naisip niya na ang napakahalagang okasyon na katulad ng isang kasal ay hindi maaaring i-postpone kahit pa anong sungit ng panahon. Sa haba ng preparasyon, sa dami ng bisita, at sa laki ng perang nagastos ay alam niyang wala na iyong urungan.

“Masyado ba akong late?” bulong niya sa kaibigang si Noel Atienza bago naupo sa pangatlong upuan mula sa unahan. Direkta silang nasa likuran ng mga malapit na kamag-anak ng groom.

“Shadrach, Shadrach,” pabulong ding tugon nito, “okay lang na ikaw ang ma-late, huwag lang ang mga ikakasal.”

“Bakit, may nahuli ba sa dalawa?” napangiti niyang balik.

“Nauna ang bride kesa sa groom,” sagot nitong natawa.
“Tila inumaga kayo sa stag party?”

“Lasing na lasing si James kagabi,” ani Shadrach na inayos ang magkabila niyang gintong cuff links. “Ako rin ay may hangover kaya medyo...”

“Shh!” saway ng isang middle-aged na babae sa unahan nila kaya hindi na niya ipinagpatuloy ang sinasabi.

“Objection, Your Honor!” natatawang bulong ni Noel na siniko siya. Narinig iyon ng sumita sa kanila kaya nilingon uli sila nito na matalim ang tingin.

“Hello,” bati niya rito na may itinuro sa bandang harapan, “you are on camera.”

Sa inis ay binuksan ng matandang babae ang abaniko nito. Minabuti ng magkaibigan na tumahimik at sundan ang halos matatapos nang seremonya ng kasal.

Nakaupo si Saffy sa isang extra piano stool na ipinuwesto niya sa kurba sa gilid ng grand piano at hinintay ang cue sa kanyang pagkanta. Sa ibabaw ng musical instrument ay isang napakalaking bouquet na kahit pa tumindig siya ay hindi siya makikita ng mga nakaupo sa church pews.

Sa totoo lang, wala siyang ganang panoorin ang kasal. Ang pinoproblema niya sa mga sandaling iyon ay kung nagawan na ba ng solusyon ng wedding planner na si Carla ang makahanap ng magpapasakay sa kanya patungo sa reception. Problemado rin siya sa pag-uwi at ang pinakamalubha niyang problema ay kung paano niya ide-detach ang sariling damdamin sa nagaganap na seremonya.

Siya na lamang ang nag-ayos sa kanyang sarili. Masusi niyang in-apply-an ng eyeshadow ang kanyang mga mata upang itago ang bakas ng halos araw-araw na pasekreto niyang pag-iyak nang nakaraang linggo.

Wala talaga siyang naidahilan para makaiwas na kumanta sa kasalang ito. Kaya hayun siya at lilinga-linga sa kanyang paligid upang makahanap ng bagay na maaari niyang pagtuunan ng pansin. Sa kanyang bandang kanan ay may maliit na shelf kung saan may mga pulang aklat na alam niyang imnaryo ng simbahan. Basta lang siya kumuha ng isa at nagbalik sa kanyang upuan. Sa kanyang pagkadismaya o pagkasorpresa, ang nakuha niya ay hindi imnaryo kundi Bibliya.

Sa dahilang baka may makapuna ng kanyang hindi pagkakali, nanatili siya sa kanyang pagkakaupo at nagsimulang buklatin ang Banal na Aklat. Natagpuan niya ang sarili na binabasa ang *Song of Songs* ni King Solomon at napako ang kanyang attention sa mga detalye na nabasa sa unang chapter pa lamang.

“...Tell me, you whom I love, where you graze your flock and

where you rest your sheep at midday.

Why should I be like a veiled woman beside the flocks of your friends?"

"You whom I love," bulong niya sa sarili na may cynical twist na ngiti sa kanyang mga labi. "Makatagpo naman kaya ako ng ganitong uri ng pag-ibig?"

Nagpatuloy siya sa pagbabasa habang nagaganap ang seremonya ng kasal.

Nagsimula nang gawin ng mga abay ang kani-kanilang mga tungkulin nang pumaimbulog ang saliw ng piano at violin sa awiting *From this Moment On* ni Shania Twain na isang popular wedding song.

Napangiti si Shadrach habang nakikinig sa malamig na hindi aral na *contralto* na tinig ng babaeng umaawit. Hayun lang sa kanang harapan ng altar ang tumutugtog ng violin at ng grand piano na may malaking bouquet. Hinanap niya kung saang bahagi ng altar nakatayo ang wedding singer, ngunit minalas na mula sa kanyang kinauupuan ay natabingan ng bouquet sa piano ang mukha ng sinumang kumakanta.

That's odd, aniya sa sarili kung bakit tila hindi nais magpakita sa publiko ng umaawit. *Who wouldn't want to be seen when one has a voice like that?*

“Nasa States pa rin si Ally?” tanong pa ni Noel. Walang response itong natanggap kaya siniko siya nito.

“Huh, come again?”

“I asked, kung nasa States pa rin si Ally,” ulit nito. “What are you mulling over?”

“Next month pa ang dating niya,” tango niyang nagpatuloy sa pakikinig sa kanta. Nagagandahan siya sa tinig at na-imagine niyang sana ay kasing-ganda rin ng boses ang hitsura ng babaeng kumakanta. Lalo pa siyang na-engross sa pakikinig nang pumaimbulog ang pangalawang awitin na *Grow Old with Me*.

What a haunting song... and that voice! Sa kabila ng kanyang papalipas nang hangover, napatingin siya sa itaas na bahagi ng altar---ang parteng luntian ng stained glass ang kanyang napagtuunan ng pansin. Parang malawak na lupain ang nakita niya sa kanyang isipan; nakatayo siya sa ituktok ng bundok na mataas at nakatingin sa isang lawa. Isang babae ang nakatayo sa kanyang tabi at wala itong mukha, subalit siya ay nakangiti rito na para bang ito ang pinakamagandang babae sa balat ng lupa.

“Don’t tell me you are daydreaming, Shad,” mahinang pukaw ni Noel na tinapik siya sa balikat dahil pinatayo ang kongregasyon upang i-acknowledge ang mga bagong kasal at si Shadrach ay nakaupo pa rin na nakatingin sa stained glass sa itaas ng altar. Pumalampak silang lahat habang ang pianista ay tinutugtog ang *Wedding March* ni Mendelssohn.

“No, I was just thinking of something,” pakli niyang tumindig habang pumapalakpak.

“Ikaw, kailan n’yo balak magpakasal ni Ally?”

“Kahit bukas, kung puwede,” pabiro niyang tugon.

“Walang matinong sagot mula sa ’yo,” angal nito na nauna nang lumakad sa gilid na pasilyo palabas ng simbahan. Sumunod siya rito dahil sa totoo lang, sa mga ganitong okasyon ay nakikisabay lang siya sa takbo ng mga pangyayari.

“Do you think we are on the same table?” tanong niya.

“I think so,” napailing nitong sagot. “I am stuck with you. Palagi na lang tayong magka-table sa tuwing may kasalang ganito. But this time, mabuti na lamang at mayroong novelty.”

“And what is that?”

“Dahil wala si Ally ay sa ating table na-assign ang upuan ng wedding singer,” sigurado nitong turan. “Sa aming sasakyan din makikisakay ang sa aking pagkakarinig ay Miss Revilla.”

“Really?” tugon ni Shadrach na pinigil ang sarili na mapangiti. *Just my luck!* “At paano mo nalaman ang bagay na ito?”

“The wedding planner briefed me earlier,” anito na nagmadali nang lumakad dahil nasa labas na sila ng simbahan at malakas ang ulan. “See you at the *Manila Hotel!*”

Mabilis na kinuha ni Saffy ang kanyang handbag at pink trenchcoat upang hanapin ang kaibigan niyang si Carla. Itatanong niya kung sino at nasaan ang magsasakay sa kanya patungo sa *Manila Hotel* dahil sa lakas ng ulan sa labas ay paano siya tatayo sa sidewalk upang pumara ng taxi? Nagkataon kasing gamit ng kanilang daddy ang kotse sa pagpunta nito sa isang culinary convention sa Baguio City at ang isa pa nilang kotse ay nasa casa.

“Carla!” mahina niyang tawag nang mamataan niya itong nakatayo sa center aisle habang siya naman ay nasa kabilang dako ng kahabaan ng mga upuan ng simbahan. Nang makita siya nito ay sinenyasan siya upang lumapit.

“Hindi ko nakuha ang plate number ng sasakyan nina Noel at Rina Atienza,” anitong nagmamadali dahil inaasikaso ang mabilisang photo session sa altar bago tumungo ang mga bagong kasal sa reception. “Pero ang kulay ng SUV ay midnight blue. Pumunta ka lang sa labas nitong simbahan at tiyak na naghihintay na ang mga iyon sa ‘yo.”

“Okay,” aniya habang isinusuot ang kanyang coat. “Puwede bang malaman ang...” aniyang pumihit upang itanong ang cellphone number ng Noel at Rina na iyon, subalit nakatalikod na si Carla at imposible na itong istorbohin sa ginagawa nito.

Hindi pa man din siya nakakalabas ay tila ayaw niyang sumugod sa ulan.

Stormy Night With Saffron - Audrey Torres

No way na ako'y magpakabasa sa ulan na 'yan! aniya sa sariling nakita kung anong uri ng downpour mayroon sa labas at napakadilim ng paligid. May ilang katao pa ang nandoon at naghihintay na dumating ang mga sasakyan. Saka niya nakita ang dalawang SUV na magkasunod na humimpil sa harapan ng simbahan at siya ay nalito.

Hahakbang na sana siya palabas nang maisipan niyang umatras at hinubad muna ang kanyang peep-toe high heels saka nakayapak na lumabas siya at mabilis na nilakad ang halos limang metrong layo ng entrada ng simbahan patungo sa sasakyan.

Napangiti si Shadrach na siyang nagmamaneho ng sasakyang kasunod ng SUV ni Noel.

“Pretty in pink, hmm...” bulong niya sa sarili habang hinihintay kung ano ang susunod na gagawin ng babaeng atubiling sumugod sa ulan. Tangan nito ang laylayan ng cream gown at lalong lumawak ang kanyang ngiti nang makitang hinubad nito ang mga sapatos.

“A breath of fresh air despite the storm,” muli niyang bulong sa sarili bago pinagtuunan ng pansin ang CD player at nabigla na lamang nang bumukas ang passenger door.

“Whew,” ani Saffy na sumakay sa sasakyan ng binata at mabilis na isinara ang pinto, “ang lakas ng ulan! Salamat nga pala sa pagpapasakay n’yo... sa akin...?” Napamata ito nang

Stormy Night With Saffron - Audrey Torres

makitang iisa lang ang occupant doon saka napatingin sa harapan ng windshield at naaninag na hindi midnight blue ang kulay ng sasakyang iyon kundi itim.

“Hello,” bati ng binata na hindi nagtaka kundi natuwa pa.

“Nasaan si Rina?” tanong nito. Nakarinig ito ng ‘click’ sa kanan; ini-lock na ng driver ang pinto. “Hindi ikaw si Noel Atienza.”

“I am Shadrach Barrinuevo,” pakilala ng binata sa sarili na kinuha ang cellphone sa ibabaw ng dashboard at kinontak through speed dialing ang kaibigan. “Hello, Noel... The wedding singer has landed in my car. Drive on!”

“I’m sorry,” paumanhin ni Saffy na napapailing at napatingin sa laylayan ng damit nito na nabasa. “Masyadong malakas ang ulan at madilim ang paligid kaya hindi ko na ma-distinguish kung alin ang midnight blue sa black.”

“It’s all right, pareho naman tayo ng pupuntahan,” nakangiting tugon ni Shadrach. *Just my luck... just when I thought of going home in this kind of weather...*